

Ang Kahilingan na Mailibre mula sa mga Pinakamababang Hinihingi ng Magkasabay (Live, Interactive) na Pag-aaral

Kahilingan na Mailibre mula sa mga Pinakamababang Hinihingi ng Magkasabay (Live, Interactive) na Pag-aaral

Sa pamamagitan ng [Patakarán/Programa ng Memorandum Blg. 164](#), ang Ministeryo ng Edukasyon ay nagbigay ng direksyon sa mga lupon ng paaralan tungkol sa mga kinakailangan ng malayuang pag-aaral. Kabilang sa mga kinakailangang ito ay isang ipinag-uutos na inaasahan na ang mga lupon ng paaralan ay bumuo ng isang proseso na magpapahintulot sa mga mag-aaral na kasali sa malayuang pag-aaral na mag-aplay para mailibre mula sa mga pinakamababang hinihingi para sa magkasabay (live, interactive) na pag-aaral (tingnan ang talahanayan sa ibaba). Ang mga indibidwal na kahilingan para sa isang pagkalibre mula sa mga pinakamababang hinihingi para sa magkasabay (live, interactive) na pag-aaral (tingnan ang talahanayan sa ibaba) ay gagawin sa Superintendente ng Paaralan (o kanilang itinalaga), sa pamamagitan ng online na pormularyo o sa pamamagitan ng pagsusumite ng isang hard copy na pormularyo sa paaralan ng tahanan. Pagkatapos ay rerepasuhan ng mga superintendente (o kanilang itinalaga) ang lahat ng mga kahilingan, gagawa ng isang desisyon tungkol sa mga indibidwal na kahilingan at tutugon nang nakasulat sa lahat ng mga kahilingan na mailibre. Ang mga naaprubahang iksemsyon ay itatabi sa Ontario Student Record ng mag-aaral. Ang mga mag-aaral ay mayroon na ngayong opsyon na pahabain ang umiiral na dating inaprubahang kahilingan na mailibre o na pumili ng isang petsa ng pagkawalang bis ana maaaring pahabain hanggang sa katapusan ng 2020/2021 na taon ng paaralan

Mga Inaasahan para sa Magkasabay (Live, Interactive) na Pag-aaral sa Grado

Dibisyon	Antas ng Baitang ng mga Mag-aaral	Araw-araw na Pinakamababang Kinakailangang Oras sa Magkasabay (Live, Interactive) na Pag-aaral*
Elementarya	Kindergarten	180 mga minuto
	Mga Baitang 1 hanggang 3	225 mga minuto
	Mga Baitang 4 hanggang 8	225 mga minuto
Sekundaryo	Mga Grado 9 hanggang 12	Ang mas mataas sa 60 mga minuto para sa bawat 75-minutong panahon ng klase** o 225 mga minuto bawat araw para sa isang buong kursong iskedyul

* Ito ay karagdagan sa oras ng hindi magkasabay (independyente) na pag-aaral.

** Ang kinakailangang oras sa magkasabay (live, interactive) na pag-aaral para sa anumang panahon na hindi 75 minuto ay dapat na isaayos upang sumalamin sa panumbasang ito.

Ang iksemsyon mula sa magkasabay (live, interactive) na pag-aaral ay maaaring hilingin ng mga magulang/mga tagapag-alaga o ng mga mag-aaral na 18 taong gulang o mas matanda, o ng mga mag-aaral na 16 o 17 taong gulang ngunit binawi mula sa kontrol ng magulang. Alinsunod sa [Patakarán/Programa ng Memorandum Blg. 164](#), ang pormularyong ito ay naaaplay sa mga mag-aaral na nagpatala sa isang virtual na pag-aaral na opsyon sa TDSB (hal. ang [Virtual na Paaralan ng TDSB](#), sekundaryong paaralan sa bahay na Opsyon ng Virtual na Pag-aaral, Network ng Pag-aaral na Sentro ng Virtual na Pag-aaral (Learning Network Virtual Learning Hub), pati na rin ang mga sekundaryong mag-aaral na nagpatala sa [Inangkop na Loob ng Paaralang Araw na Modelo](#). Ang proseso ng iksemsyon ay hindi para sa paggamit ng mga mag-aaral na pumili para sa pisikal (in-person) na elementaryang paaralan o [pag-aaral sa bahay \(homeschooling\)](#). Ang isang hiwalay na aplikasyon ay dapat isumite para sa bawat mag-aaral na humihiling ng isang iksemsyon.

Para sa mga sekundaryong mag-aaral na nakarehistro sa Inangkop sa Loob ng Paaralang Araw na Modelo, ang isang buong iksemsyon mula sa pinakamababang mga hinihingi ng magkasabay (live, interactive) na pag-aaral ay naaaplay lamang sa nasa online na magkasabay (live, interactive) na bahagi ng araw ng paaralan. Ang mga iksemsyon ay hindi naaaplay sa nasa personal na bahagi ng Inangkop na Nasa Loob ng Paaralang Araw na Modelo ng pagtuturo. Ang pagpasok sa loob ng silid-aralan na pagtuturong bahagi ng modelong ito ay sapilitan para sa mga sekundaryong mag-aaral.

Upang suportahan ang makahulugang paggamit sa edukasyon, ang mga alternatibong pamamaraan sa pag-aaral ay ilalagay sa lugar para sa lahat ng nailibreng mga mag-aaral. Ang mga nailibreng mag-aaral ay bibigyan ng isang pang-araw-araw na iskedyul o tala-orasan na alinsunod sa 300-minutong araw ng pagtuturo.

Mga Inaasahan para sa mga Nailibreng Mag-aaral

- **Araw-araw na Iskedyul:** Ang mga nailibreng mag-aaral ay dapat sumunod sa pang-araw-araw na iskedyul o tala-orasan na ibinigay ng kanilang guro alinsunod sa 300-minutong araw ng pagtuturo. Hihingiin nito sa mga mag-aaral na independiyenteng i-akses at kumpletuhin ang trabahong ibinigay ng guro sa silid-aralan sa loob ng Brightspace, Google Classroom o iba pang napagkasunduang pamamaraan batay sa mga nagpapahinang pangyayari, at kung saan may mga espesyal na pangangailangan sa edukasyon, mga kadahilanang medikal, at iba pang mga kadahilanang hindi limitado sa pandama, pangitain, nakikita at hindi nakikitang mga kapansanan, mga kadahilanang pangkaunlaran, kalusugan ng isip, trauma, relihiyon/kredo, katayuan ng pamilya atbp. Habang ang mga guro ay magbibigay ng parehong pang-araw-araw na iskedyul o tala-orasan sa mga mag-aaral na nakatala sa isang tukoy na programa ng pag-aaral, magiging responsibilidad ng mga mag-aaral na pumili ng isang iksemsyon upang madagdagan ang kanilang pakikipag-ugnayan sa hindi magkasabay (independiyenteng) na pag-aaral nang naaayon.
- **Mga Materyales sa Pag-aaral:** Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng programa batay sa buong kurikulum ng Ontario at susunod sa mga inaasahan na itinakda ng guro para sa klase. Ang mga materyales na ito ay ibibigay sa pamamagitan ng Brightspace Learning

Management System, Google Classroom o iba pang napagkasunduang pamamaraan (hal. mga komperensiya sa telepono, mga email) na batay sa mga pangangailangan at mga kalagayan ng indibidwal na mag-aaral.

- **Araw-araw na Pagpasok:** Ang pagdalo ng mag-aaral ay kukunin dalawang beses sa isang araw sa antas ng elementarya at sa bawat kurso sa sekundaryong antas, alinsunod sa mga pamamaraan ng TDSB [sa elementarya](#) at [sekundaryong](#) pagdalo para sa lahat ng mga nailibrengh mag-aaral. Tingnan sa ibaba para sa mga karagdagang detalye sa mga pamamaraan sa pagdalo para sa mga mag-aaral na nabigyan ng bahagya at buong mga iksemsyon mula sa mga Kapag ang mga buong iksemsyon mula sa pinakamababang hinihingi ng magkasabay (live, interactive) na pag-aaral ay naibigay, gagamitin ng mga guro ang kanilang propesyonal na paghuhusga, at makikipagtulungan sa mga mag-aaral at kanilang (mga) magulang/mga tagapag-alaga, (kung saan naaangkop) upang mapanatili ang patuloy na pakikipag-ugnay.
 - Bahagyang mga Iksemsyon: Ang pagdalo ay kukunin dalawang beses araw-araw sa antas ng elementarya at bawat kurso sa sekundaryong antas, alinsunod sa mga pamamaraan ng TDSB sa pagdalo ng elementarya at sekundarya.
 - Buong mga Iksemsyon: Ang pagdalo ay itatala dalawang beses linggu-linggo sa mga Martes (para sa Lunes at Martes) at mga Biyernes (para sa Miyerkules at Biyernes). Ang mga mag-aaral na may buong iksemsyon ay maaaring markahan na naroroon kung nakikipag-ugnayan sila sa kanilang guro sa isa o higit pa sa mga sumusunod na paraan: pagsusumite ng trabaho kahit isang beses lingguhan, mga kumperensya sa telepono, o iba pang mga komunikasyon tulad ng Brightspace, Google Classroom, mga email, atbp.
- **Pagtatasa, Pagsusuri at Pag-uulat:** Ang patakaran na nakabalangkas sa [Growing Success: Assessment, Evaluation, and Reporting in Ontario Schools](#) (2010) ay patuloy na naa-aplay sa lahat ng mga mag-aaral ng TDSB na inaprubahan para sa isang iksemsyon mula sa mga pinakamababang hinihingi ng magkasabay (live, interactive) na pag-aaral, [Lumalaking Tagumpay: Ang Karagdagan sa Matematika, Baitang 1 hanggang 8, 2020](#) ([Growing Success: The Mathematics Addendum, Grades 1 to 8, 2020](#)) ay hahalili sa mga tagubilin sa pagkukumpleto ng ulat ng panlalawigang kard para sa matematika sa Baitang 1 hanggang 8. Malinaw na ibabalangkas ng mga guro sa mga mag-aaral ang mga inaasahan sa pagtatasa sa pagsisimula ng bawat programa ng pag-aaral. Ipapaskil ito sa isang folder ng Pagtatasa at Pagsusuri sa loob ng Brightspace o Google Classroom (kung saan naaangkop), na may mga kopyang hindi digital na gagawing magagamit kung kinakailangan. Ang mga guro ay patuloy na magbibigay ng magkakaibang suporta sa lahat ng mga mag-aaral, kabilang ang mga Mag-aaral ng Ingles at Pranses bilang Ikalawang Wika at mga estudyanteng may mga espesyal na pangangailangan sa edukasyon na may Indibidwal na Plano ng Edukasyon [Individual Education Plan (IEP)]. Ang mga mag-aaral ay magkukumpleto at magsusumite sa loob ng Brightspace o Google Classroom ng mga takdang-aralin at mga pagtatasa na

kinakailangan para sa matagumpay na pagkukumpleto ng programa ng pag-aaral o mga kurso kung saan sila ay nakarehistro.

Mga Kahilingan para sa mga Iksemsyon sa isang Magkasabay (Live, Interactive) na Pag-aaral

Ang hangarin na paluwagan ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga iksemsyon ay upang magpahintulot para sa kakayahang umangkop sa pagtugon sa pagtugon sa iba't ibang mga pangangailangan ng mga komunidad sa paaralan at higit na suporta para sa pangkalahatang pangkaisipang kalusugan at kagalingan ng mga kawani ng TDSB, mga mag-aaral at mga pamilya. Habang ang mga iksemsyon sa magkasabay (live, interactive) na pag-aaral ay nag-aalok ng mga ilang kakayahang umangkop sa mga indibidwal na mag-aaral, sila rin ay nangangailangan ng pagtaas sa dami ng mga hindi magkasabay (independyente) na minuto kung saan bawat nailibreng mag-aaral ay okupado araw-araw. Alinsunod sa propesyunal na paghuhusga ng guro, maaaring kasangkot dito ang panonood ng mga paunang na-rekord na mga leksyon sa video, pagkukumpleto ng mga nakatakandang gawain, o pag-aambag sa mga talakayang kapulungan sa online. Sa mga ilang kaso, ang pag-akses ng mga pagkakataon sa hindi magkasabay (independyente) na mga pagkakataon sa pag-aaral ay maaaring maihatid sa pamamagitan ng mga email o mga tawag sa telepono.

Ang pagtitiyak na ang mag-aaral ay nagpapanatili ng pakikipag-ugnay sa guro sa silid-aralan at ang pagkukumpleto at pagsusumite ng mga gawain sa pagtuturo at pagtatasa gaya ng itinakda ay mahahalagang bahagi ng isang magkasabay (live, interactive) na iksemsyon. Ang pagpasok para sa mga mag-aaral na nasa sapilitang edad ng paaralan ay kinakailangan sa ilalim ng Batas ng Edukasyon (Education Act). Upang mapalaki nang labis ang mga pagkakataon para sa pagtatagumpay ng mag-aaral, ang mga pagliban ng mag-aaral ay tutugunan alinsunod sa Batas ng Edukasyon, at kaugnay na mga patakaran ng Ministeryo ng Edukasyon gaya ng ibinalangkas ng TDSB sa [Patakaran P085 - Pagpasok ng Mag-aaral at Ligtas na Pagdating](#) at mga Tagubilin sa Pagrehistro ng Pagpapatala [para sa mga Elementarya at Sekundaryong Paaralan na dokumento](#) ng Ministeryo ng Edukasyon. Samakatuwid, ang mga pagliban ng 15 magkakasunod na mga araw ng paaralan na walang pangsUPPORTANG dokumentasyon ay maaaring magresulta sa isang mag-aaral na maretiro mula sa rehistro ng pagdalo.

Ang kabiguan na matugunan ang ipinag-uutos na pagpasok, pagkukumpleto ng trabaho at mga inaasahan sa pagtatasa ay salungat sa iksemsyon mula sa mga pinakamababang hinihingi ng magkasabay (live, interactive) na pag-aaral at nakahanay sa halip sa isang hangarin para sa pagpapaaral sa bahay kagaya ng nakabalangkas sa [Patakaran ng TDSB sa Pagpapaaral sa Bahay](#). Ang mga magulang/mga tagapag-alaga na nagnanais na papag-aralin sa bahay ang isang bata ay kailangang magsumite ng isang [Abiso ng Hangarin na Magpaaral sa Bahay \(Pormularyo 553A\)](#) sa Tagapamahala ng mga Paaralan para sa kanilang paaralan ng tahanan.

Mga Ganap na Nailibreng Mag-aaral at Pag-akses sa mga Materyales ng Pag-aaral

Ang lahat ng mga mag-aaral na pinagkalooban ng bahagyang iksemsyon mula sa mga pinakamababang kinakailangan ng magkasabay (live, interactive) na pag-aaral ay patuloy na

bibigyan ng katarungan ng paggamit sa loob ng Brightspace o Google Classroom sa mga materyales ng pagtuturo at pagtatasa para sa grado(mga) kurso kung saan sila ay nakatala. Ang mga aktibidad sa pag-aaral at hindi magkasabay (indepedyente) mga oportunidad sa pag-aaral ay ipapaskil para sa pagsusumite sa guro para sa mga layunin ng pagtatasa at pagsusuri. Ito ay isang mahalagang paunang kinakailangan sa pagsusuporta sa mga mag-aaral upang matupad ang mga kinakailangan ng kanilang programa ng pag-aaral. Ang lahat ng mga mag-aaral na nabigyan ng isang pagkalibre mula sa pinakamababang kinakailangan ng magkasabay (live, interactive) na pag-aaral ay magiging responsible para sa pagpapanatili ng kontak sa kanilang mga guro upang kumpletuhin at ibalik ang mga gawain at mga pagtatasa ayon sa pagtatakda.

Huling Araw ng Aplikasyon

Ang mga kahilingan para sa iksemasyon ay dapat isumite isang linggo kasunod ng pagsisimula ng bawa't panahon ng pag-uulat ng alas 4:00 ng hapon sa mga sumusunod na petsa:

Ang mga huling araw para sa aplikasyon sa elementarya ay: Oktubre 20, Nobyembre 30, at Pebrero 23.

Ang mga huling araw para sa aplikasyon sa sekundaryo ay: Oktubre 20, Nobyembre 30, Pebrero 15, at Abril 30.

Mga pagpapanibago/mga pagpapahaba: kung ang iyong dating naaprubahang kahilingan na mailibre ay lipas na sa petsa o papalapit na sa petsa ng paglipas nito, mangyaring magsumite ng isang bagong kahilingan na mailibre sa lalong madaling panahon sa pamamagitan ng parehong online form na naka-link sa itaas.